# Mga Salaysay nina Gg. Isagani Molina at RJ de Ramos

*Kami:*

> **Isagani "Ka Gani" Molina**, 59 taong gulang, may asawa, apat na anak, naninirahan sa Brgy. Nangka, Marikina, dating magsasaka, naging trabahador sa pabrika ng sinulid at sa kasalukuyan ay nag-o-operate at nagmamaneho ng tricycle, at kabilang din sa Balubad Rescue Volunteers; at,
>
> **RJ de Ramos**, 18 taong gulang, istudyante, naninirahan sa Brgy. Nangka, Marikina

*ay inanyayahan ni Bb. Veronica "Derek" Cabe", at kami ay pumayag, na magbahagi ng aming karanasan noong panahon ng super typhoon Ondoy at maging witnesses para sa mga petitioners sa human rights at climate change investigation ng Commission on Human Rights. Si Bb. Cabe ay isa sa mga petitioners. Kinuha ni Atty. Zelda DT Soriano, sa presensya nina Bb. Cabe at Bb. Desiree Llanos Dee, Greenpeace climate justice campaigner, ang aming mga salaysay noong ika-18 ng Mayo 2018 sa opisina ng Greenpeace Southeast Asia-Philippines na matatagpuan sa Room 201 JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Barangay Laging Handa, Quezon City.*

**Ka Gani:**

Sanay na po kami sa baha.

Pero ang Ondoy, kakaiba. Ito ang unang pagbaha na naranasan namin na umabot sa 2nd floor at bubong ng bahay na halos 30 feet na nga ang taas. Walang tigil ang pag-ulan nang malakas kaya mabilis na tumaas ang tubig. Parang bawat oras, isang piye ang itinataas.

Habang baha, walang pagkain, walang inumin, walang mapagpahingahan nang ligtas at tuyo.

Nang humupa na ang baha kinaumagahan, nakabalot sa putik at basura ang aming barangay. Mabaho at marumi ang buong paligid. Ilang araw na nakaasa lang kami sa relief goods. Walang kuryente sa loob ng halos isang buwan pagkatapos ng Ondoy. Mabuti na lang at tumulong ang Tzu Chi. Pinalinis nila sa amin ang mga

nawasak at gumuhong kabahayan at binayaran nila kami ng P400/day. Tumulong din ang local government.

Ang masaklap...pagkatapos ng Ondoy parang naging pangkaraniwan na ang malalakas na bagyo at matitinding pagbaha. Kahit walang bagyo, napakatindi na nang pag-ulan at pagbaha nang dumating ang habagat.

Mas mahirap ang buhay dahil sa malalakas na bagyo at matitinding baha. Nakakaawa ang kinabukasan ng mga anak at apo ko…

Ang mensahe ko lang sa investigation na ito ay kung magagawan ng paraan, dapat ma-control na ang nagdudulot ng climate change. At kung hindi ma-control, dapat isara na lang ang negosyo ng malalaking korporasyon na iyan.

**RJ:**

Grade 4 lang po ako nang mag-Ondoy at nagkaroon ng malaking pagbaha. Buntis ng 7 months ang nanay ko at tatlo lang kaming nasa bahay. Naglalaba po ako noon. May narinig kaming “wang-wang” na nagbababala ng baha kaya ipinasok ko pa ang mga nilabhan. Pero sandali lang pagkatapos ng “wang-wang”, umakyat na nang hanggang tuhod ang baha.

Umakyat na kaming lahat ng 2nd floor pero inabot na ito ng baha. Kaya itinali na namin ang aming mga sarili sa isa’t isa tapos may naglagay ng tulay na nagdugtong sa ibang mas mataas na bahay. Tumawid kami papunta sa kapitbahay pero maya-maya ay inabot na rin ang aming nilipatan. Naglagay ulit ng tulay papunta naman sa 3rd floor ng ibang bahay. Tali at tulay ulit kaming lahat hanggang sa nasa kisame at bubong na kami at ang marami naming mga kapitbahay.

Parang blangko lang ang nararamdaman ko habang nagaganap ang lahat ng iyon. Siguro dahil sa sobrang panic, nasa isang sulok lang ako. Minsan tinatanong kp ang Diyos kung anong mali ang nagawa namin, ng mga taga-Nangka, at bakit sinasalo namin ang mga ganitong kabigat na problema. Hanggang ngayon kapag nauungkat ang Ondoy, ninerbyos na ako at nagagalit. Ang hirap-hirap ng buhay, at sobrang hassles. Walang pagkain, damit, gamit at walang peace of mind. Umaasa lang sa relief goods. Isang buwan na walang pasok sa school.

Habang lumalaki ako, parang papalala ang sitwasyon.

Ngayong unti-unti ko nang naiintindihan ang nasa likod ng climate change gusto ko lang iparating sa mga malalaking negosyo at sa gobyerno na hindi dapat magpatuloy ang mga gawain na nagdudulot ng climate change. Para sa kinabukasan ko at ng mga kapwa kong kabataan…

*Ito lamang po. Nakahanda po kaming panumpaan ang mga salaysay na ito.*

| | |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| **Isagani Molina** | **Archie de Ramos** |